


JAN 27 1958

Magasin ng
BAGONG *Rubang*

ENERO 26, 1958

*Redwood
ALD 10-13-72*



Lerawang kaba ni ELPIDIO RUSTIA ng Times

ANG MGA BILAAN

Pahina 2-3-4

ISANG PAGBUBUNYAG...

Pahina 14



Si Buwal Abpet, isa sa mga datu ng tribung Bilaan, habang kumakain. Matatag na pinasisisilbihan siya ng kanyang tatlong asawa.



Sa isang pagdiriwang ng tribu... Ang kanilang mga kasutanan ay nagbabadya ng kanilang pagyakep sa makabagong kabihansnan.

Sa pamamagitan ng isang gurong tega-kabayan, ang kabataan ng tribung ito ay nabibigyan ng bahagyang edukasyon, sapeit upang makilala nila ang labas ng kanilang daligid — ang tulong maunlad na kabayan.



ANG MGA BILAAN ay mga katutuhang bumubuo sa isang tribung malatagpuan sa kagubatan ng Dabaw at Kolabato Sila'y hindi mga mohamedano; at kung itawagin sila'y mga "kapiil" — mga laong walang relihiyon. Ngunit naniniwala sila na may isang lalong makapangyarihang nakapoo sa ibabaw ng mga ulap na siyang kumakatawan sa mga espirito at sa mga sakunang nagaganap sa kanila; na kapag umalis ang espirito sa katawan ng isang tao, ito'y magkakasakit at kung hindi na makabalik iyon ay mamamatay ang may katawan; na may isang tangping pook sa kailaliman na doon ay walang pagbubungkal ng lupa, walang pangangao at walang pagbabaka. Ito ang pininiwalaan nilang siyang kalangitan.

Ang larangan ng pag-ibig sa mga Bilaan ay nagiging mabigat lamang sa kalaalihin pagdating na sa paghiling ng babae ng magiging kapalit ng kanyang kamay. Madali ang pamamaraan nila sa pag-iibigan o pag-iiligawan. Kapag nagkeusto ang isang lalaki sa isang babae, bahagisan niya ito ng tato. Sa sandaling gumanti ang babae, nangangahulugang tinatanggap nilo ang lalaki. Maari ring nakapag-asawa ang isang lalaki ng kabiti ilang bahaging maibigan niya kailanma't may malapalit siya sa kamay ng mga iyon bilang "pautos". At sa isang mag-anakan, ang kauna-unahang asawa ng lalaki ang inakapangyarihan sa mga nahuhuli.

May sinusundot din silang mga batas tungkol sa paglilingitan ng mag-asawa. Ang kataksilan sa pagsasama ng isang pag-asawahan ay kalimitang nilalapatan ng parusang kamatayan.

Nahahati sa tatlong pangkat, ang tribung ito'y nakikilala sa mga katawagang batay sa pook na pinaninirahan nila. Ang mga nananahan sa mga kagubatang kanugnog ng mga kabayanan ay tinatawag na Tagalagad; ang mga nasa gulod na makugon ay tinatawag na mga Tagkogon at Buluanes naman ang mga nasa malapit sa Lawa ng Buluan.

Ang Mga

Nagsisipanirahan Sa
Bilaan Ay May Sariling



Isang lalaking Bilaan, sa piling ng dalawang asawa. Ang kataksilan sa pagsasama ng mga mag-asawa ay malimit magbunga ng parusang kamatayan para sa nagkasala.

MAGASIN NG

BAGONG

Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga ng kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY
Tanggapin: Manila Times Bldg., Florentino Torres,
Sta. Cruz, Maynila
Pansamantalang limbagang: PUP Press, Sampaloc Ave.,
Luzon, Quezon

Namemamagat: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG

FETE VENEZUELA

Pink-Ponshaman

Sa Sinang

CECROBIC R. FLOREKIO

BEN T. SANTOR

Kagawad


Polygrupo

HALAGA NG SUSKUSIYON (LINGGO LAMANG)

Tatlong buwan... P3.00 Anin na buwan... P6.00

Isang taon... P12.00

Doble ang halaga kung ipeddala sa ibang bansa



Bahagi ng ikinabubuhay ng mga Bilaan ang pag-aalaga ng mga hayop na maamao, gaya ng baka at kalabaw.

Kung ang isang lalaking Bilaan ay maraming gawain, katulong niya ang kanyang asawa. Makikita ang isang pag-asawahang nagbibid ng buho. Ang mga ito'y ipinagbibili nila sa kabayanan.



Ilang lalaking Bilaan... Kapag naghasis sila ng bato sa isang babae, "iniibig kita" ang ibig nilang sabihin.



Tingnan ang kasunod na pahina

Bilaan

Mga Kagabatan, Ang Mga Kaugalian At Paniniwala

LIKAS na mga mandirigma ang mga lalaking Bilaan. Para sa kanila, "katuwaan" lamang ang pagpatay at pagkamatay. Hindi na kailangang gantimpalaan sila ng salapi o ng anumang para makipagpatayan. Hindi malatawaran sa panghubuli ng maliit na mga hayop sa kagabatan, kabayo at gulok ang pinakananis na arin ng isang lalaking Bilaan.

Ang pepili ng mamumuno sa kanila ay kakatwa at nakahihindik. Sa sandaling namamatay ang kanilang pinakapuno, ipansingilin nila ito sa loob ng isang linggo, at pagkatapos ay ilalagay nila ang bangkay sa isang inukang katawan ng kahoy. Ito'y takpan nilang mabuti sa magkabilang dulo. At sa isang hudyat, lahat ng magnanais na pumalit sa yumaong puno ay naglalabalaban upang makuha (ug isa lamang) ang bangkay sa kinalalagyan niyon. Ang makakakuha ng bangkay ay siyang magiging puno. Kinikilala at iginagalang ng tribe ang lalaking marami nong napatay.



Likas na mga mandirigma, kabayo at gulok ang pinakananis na arin ng mga Bilaan.



PINAKAMAHUSAY sa mga LAMBAT

- Mayroon kami ng pinakamakabagong makinarya sa pagyori ng mga lambat
- Para sa mabuting pagtingkod sa mga manginsida at tagapamalacad

GINAGAWA NG

JOSE ROBLES

NET & TWINE & MARINE SUPPLY CO., INC.

GEN. LUNA, MALABON, RIZAL
TEL. 2-16-30

Nagbibili ng yari na ng mga sumusunod: Puket o Saklot, Duyan, Bukatol o Lempot, Bitinan at Pangap, Kited o Pangahang, Pengtoboy, Trawl, at Iba pa.

Sa pagdiriwang ng kanilang tribu, tampak ang kababaihang mahuhusay sumayaw.



Mapapansin ang tatlóng bagay na iki-natatangi ng isang babaing Bilaan — maliitim na ngipin, kuwintas na may kulliling at "bangs" na ayos ng buhok.



BILAAN . . . KARUGTONG

Magaganda Kaysa Kababaihan Ng Ibang Katutubong Tribu Sa Kapuluán, Ang Mga Babaing Bilaan Ay May Bahid Na Ng Makabagong Kabihasan

SA UNANG MALAS, masasabing ang isang babain ng Bilaan ay may higit na kariklan sa lalóng maraming Mora o kababaihan ng ibang katutubong tribu sa Kapuluán. Magaganda at pino ang kanilang kutis. Halos lahat ay gumagamit ng "bangs" sa ayos ng buhok. Ngunit ang isang kapansin-pansin sa kanila ay ang pagpapaitim ng ngipin at pagpipinta ng kuko ng kanilang mga paa't kamay. Nagsusulat din sila ng ng kwintas sa kalimitan ay may kulliling na "nappapahayag ng kanilang pagdating o pagkilos."

May bahid na ng makabagong kabihasan, malaki ang kabihán ng babaing Bilaan ngayon. Marami na sa kanila ang hinihingi ng malaking "pautos" kung ang kamay nila'y hinihingi ng kanilang iniibig. At sa kanilang bihingin ay mahirap mawala ang mga makabagong sangkap sa pagpapaganda sa kasalukuyan na gaya ng mga "cosmetic".

Maaaring sa daralng na mga araw, ang mga babaing Bilaan ay magsipagpapatul na rin ng buhok at magsipagsuot ng mga damit na beckett, terero, at jeans.



Kapas sa isang bahay ay may tatlóng maybahay, ang unang asawa ng lalaki ang makapangyarihan sa dalawang huli. Siya ang nangangasiwa sa pananamit, sa gawain at pagkain ng mga iyon.

Ang makabagong kabihasan ay nakaaklit na sa mga babaing Bilaan. Ngayon, sa paghingi nila ng "pautos" sa kanilang magiging mga kabiyak ay mahirap mawala ang "lipstick", pabango at pangkalyang ng kuko.



Mga Sulat sa Editor

Kalakip po ng liham kong ito ang dalawang maikling kuwento: "Sa Pamumukadkad ng Isang Buko" at "Si Ado, Si Tata Beryo At Ang Kanyang Balulang". (Napakahaba ba ng pamagat, ano po?)

Ito po ay ikatayang pagpapadala ko ng kuwento sa inyong pasulatan. Ngunit ito po ang ipinag-aalaala ko: nanggagap po ba ninyo ang nanguanang "Hagupit ng Dilim" (kuwento) at ang dalawang tulang kalakip ng kuwentong iyon na may mga pamagat na "Bantayog sa Alapaap" at "Ang Ubay ng Pelay"?

Hindi po ako tumatanggap ng ano mang kasagutan o balita sa tatlong huling ipinadala ko sa inyo, kaya nag-aalaala akong baka nakaligtaan. "nali-gaw" kaya o kung ano na ang nangyari. —Francisco G. Sigua, General de Jesus Academy, San Isidro, Nu-veba Esita.

Ang kuwento at dalawang tula na nanung ipinadala ninyo ay hindi ho namin tinatangap. Baka nga ho "nali-gaw" at hindi nakarating dito sa aming uplana. Tungkol sa dalawang huli, maari ninyong ibangon dito sa Mesasin ng BB. Malatala ho nga ita ang "Sa pamumukadkad..." —ED

—oOo—

May sinusulat ho akong kuwento para sa inyong pitak ng "Ito ang Aking Akda." Ngunit hindi ho yata matatapos sa isa't kalahating papel-makinilya kundt mahigit nang kaun-ti. Hindi po ba maaring lumagpas sa isang pahina't kalahati, gaya ng nasa in-yong patalastas? Ito po naman ay sulat-kamay at kung maisasalin sa sulat-makinilya ay iikli pa ma-rahil. Nais ko po lamang malaman ang inyong kasa-gutan tungkol dito upang hindi naman masayang ang aking pagod. —Deme-trio Biguan, Bangkusay, Tundo, Maynila.

Maari na rin ho. Ipadala ninyo sa amin. —ED

—oOo—

Sino po ba ang Teodoro C. Santos na kasamang autor ng bagong nin-yong nobelang "Nagbalik na Pagsamahal"? Siya rin po ba ang Teodorico C. Santos na naging Patnugot ng Taliba noong bago nag-kadigma at ngayoy direktor sa pelikula, o isang na-kapangalan lamang? —Meliton Sanchez, Lipa, Sampalok, Maynila.

ENERO 26, 1958

Siya nga ho ang TCS na di-riktor... —ED

—oOo—
Ang "Guhitang Tungkod" na nabasa ko sa in-yong magasin noong isang linggo ay labis namang kinagiliwan. Kaiba sa mga nabasa na namang kuwentong ang wika nga'y pang-masa, may kabaguhan ang pagkasulat niyon at may

tatak ng makabagong pa-tinat.

Bagama't humigit-kulang ay naunawaan ko ang lilarawan ng kuwentong iyon, ibig ko rin pong ma-iyak. Kung akoy hindi nagkakamali. Kapuwa po ba bi'lag ang mag-inang pangunang tauhan ng kagsaysayan? Tago ang pag-lalarawan ng kumatha sa

tunay na kalagayan ng ma-gina, bagama't may mga pahiwatig na "walang liaw" ang mga pangin. Ibig ko lamang pong ma-iyak ang bagay na iyan, kungdi magiging isang ka-balaban para , sa inyo. —Rufina Estrella, San Pab-lo, Laguna.

Hindi kayo nagkakamali. Kapuwa ho "walang liaw" ang mga mata. —ED

—oOo—

Tila nagkamali ho ang pangalan ng isang artis-tang na ginawa ninyong

panglikod na pabalat noong isang linggo. Ang pangalan ng artistang iyon ng Sampaguita ay Nori Dalisay at hindi Nora Dy. Kung maari'y gumawa kayo ng isang pagtutuwid ukol doon upang hindi naman magkamali ng pagka-kilala sa kanila ang mga nambabasa. —Fe del Ro-sario, Sande, Tundo, May-nila.

Isa nga hong pagkakamali, ng kilinging namin ng pau-manhin sa kineoukulan. Ang sulat ninyoy isa nang pag-tutuwid ukol doon. —ED



Humiling ng kasiya-siyang pampalamig— nagpapasiglang Coca-Cola

Upang masiyahan sa paglalakbay—Kahit sa an kayo magtungo—sa buong daigdig o sa taluktok nito—bayaan ang dalisay at masarap na Coca-Cola ang magdulot sa inyo ng lubos na kasiyahan! Matatagpuan ninyo sa mahigit na 100 bansa ang nagpapasiglang lasa nito—nagdudulot ng kalugud-lugod na pampalamig. Sa lahat ng dako—humiling ng Coca-Cola!





SIGN OF GOOD TASTE

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA SAN MIGUEL BREWERY



PANGUNAHING NARS — Si Ten. Koronel Ruby G. Bradley, pangunahing nars ng Hukbong Amerikano na baging bilango ng mga Hapon sa loob ng 37 taon, ay napiling "Babae ng Taon ng Amerika." Iniaabot ni Heneral Carlos P. Romulo, Pilipinong Embahador sa Amerika, ang kanyang gantimpala. Siya'y nagwagi sa pandaigdig na timpalak na nilahukan ng lahat ng babasing naghilingkod sa hukbo.




INUMING TUBIG-ALAT — Sinusubok sa Melbourne, Australya, ang makinang magpapatabang sa tubig-alat upang ito'y mainom, sa tulong ng sikat ng araw at ng sarisaring pamamaraan. Kapag nagkaroon ng makinang ito sa Pilipinas, hindi lamang gripo ang maaring pagkunan ng inumin; mga dagat man ay pakikinabangan din.

KAHOY NA BUNDOK — Nakikipagpataasan sa bundok ang talaksan ng mga pirasong kahoy sa isang tablerya sa Port Townsend, Washington. Ang mga kahoy, na pinaglathasan ng plywood, ay humuhubo ng 40 periyento ng materyales sa industriya ng papel.

"AUSTERITY" ng ASO — Nakaunawa sa kahalagahan ng pagtitipid, si Trigger, asong arni ni Gng. Klorice K. Davis, ay may tske ng naidepositong pera sa isang banko sa San Francisco. Nakaipon siya ng pera sa pamamagitan ng pag-awit sa tindahan ng mga laruan ni Gng. Davis. Hinahagisan siya ng kanya ng mga betang nakatirang sa kanya.



TUMBANDO CARA — Mabibigo ang lahat ng magtatangkang humanon ng inuman kay Giovanni Brunetti, pinakamalakas uminom ng alak sa Frascati, Italya. Upang ipaglanggul ang kanyang korona, ininom ni Brunetti ang 50 malalaking baso ng alak sa loob lamang ng 30 minuto... at siya'y labis na nasiyahan.



SERBESA Ang Idulot Sa Mga Panauhin

Muag kaligtang magdulot ng pinakamg na mga balatke ng Serbesang San Miguel sa mga demeritong ng panauhin. Hing magpapalilita ng Serbesang Igangbangkalat sa pinhang panauhin... at siya'y lagay siyangmag nang buong kiterahan.

GAWA AT ISINAGSIBELTA NG **San Miguel Brewery**

Mga Payong PANTAHANAN

- Ang nangingitim na tanso ay madaling mapakinang sa pamamagitan ng pagkuskos dito ng asin at suka, pagkatapos ay hugasan naman ng tubig at sabon at kung tuyo na ay saka pahiran ng pampakinang na silver polish.
- Upang mapanatiling mainit nang matagal ang gulay ay gamito ang gawin: ilaga saka patuluin at ibatol na mabuti sa papel saka itago sa pugon.
- Pinong abo ang ipanlinis sa mantsa o kalawang sa puting labaho upang manumbalik ang dating puti niyon.
- Alkohol ang ipapunas sa teklado ng plyano upang maiwasan ang paninlaw niyon. Pagkakatapos ng alkohol, malinis at malambot na bahasan naman ang ipantuyo.
- Sa pagkadikit ng semento sa nabasag na baso o pinggan, balutin naman ng plaster ang paligid ng dumikit na mabuti ang semento, kung tuyo na ay saka alisin.
- Kuskusin muna ng hasahang basa ang benzine ang kuweyo ng amerikana bago kuskusin ng sabon upang mapaputing mabuti.
- Balutin muna ng tuwalang inilubog sa mainit na tubig ang paligid ng leeg ng bote tung ang tapon ay yari sa salamin upang maiwasan ang pagkabasag niyon sa pagbubukas.
- Upang maging pare-pareho ang pagkakatagmit ng mga kasangkapan, ugaliin ang pag-aayos ng mga silya minsan sa isang buwan.
- Hinatag puti ng ilog ang ipamahid sa pilay upang mabawas-basawan ang saktit.
- Upang maging mabuti ang paglalagay ng tinta sa "fountain pen" na may bagong pen point, idarang muna sa pingas ng kandila o palito ng posporo ang point.
- Upang manatiling sarwa ang persi habang hinihiwa, budburan ng asin.

Sariling Karu-karu

ni P. S. Aspillera



ANG MGA LOLA AY KAILANGAN

Isa sa mga pagbabagong nangyayari sa ating mga tahanan, likha mandin ng kabihanan at ng maka-amerikanong pamumuhay natin, ay ang pagpapawalang-halaga sa mga matatanda.

Noong raw, ang mga lolo at lola ay may mga sariling kapangyarihan at pananagutan sa buhay ng isang mag-anak. Ang kanilang mga payo, bunga ng pu-pung taong karanasan, ay hinihingi at pinahalagahan; ang kanilang mga pag-aandukha sa mga anak at apo ay kinikilala at pinasa-saamatan; ang kanilang mga panulnas sa saktit at kasayan ay sinusunod nang maayos pasubali. Sila ang pinagkatiwalaan sa paghuhubog ng mabuting kaugalian sa mga kabataan. Anupa't ang mga matatanda noong una ay matitibay na haligi ng isang tahanan.

Nguni't ngayon, pawala na ang kapangyarihan at pananagutan ng lolo at lola. Unti-unti nang natatanggal ang kanilang kapiti sa tinatawag na mag-anak. Ang mga payo nila ay ipinalalagay nang makaluma at taliwas; ang kanilang pag-aaruga sa mga anak at apo ay inaarang kalabisan at nakasasama pa sa mga bata; ang kanilang mga panulnas sa mga saktit at dagok ng buhay ay wala nang bisa. Pinalalaki raw nila sa kalayaan ang mga bata at mahigti na kasamaan ang naituturo nito kay sa kabutihan. Anupa't ang matatanda sa ngayon ay nakabibigat at wala nang pakinabang.

Totoo kaya ito?

Noong unang panahon, natutulog ang mga apo sa kandingan ng lola sa pakikipag-ugnayan ng kanilang mga kuwento tungkol sa masasamang batang kinukuha ng mga duwende at asawang. Naririnig din nila ang mabuting ganti sa kabaitan ng bunsong prinsesa na tinulungan ng isang matanda upang makuha ang hinahanap na kapalaran. Ipinaghehele sila, inaawitan sila, pinangangaralan sila ng mga nauukol sa kagandang-asal at pagkita at pagkakatok sa Diyos.

Kaya't ang itinanim na binhi ng kuwento ng lola ay nagbunga ng malaking pagkakatok sa mga gawang masama; ng pagpapahalaga sa kabutihang-ugali at pakikipagkapuwa; at higit sa lahat, ng paggalang sa mga magulang.

Ngayon, ang mga kuwento ng lola ay pinagtalawan na at hindi na sukai panawalan at ang mga bata ay wala na ring panahong makipag-pa at kumadong sa kauligan mga ninuno sapagka't nariryan ang mga radyo, sine at TV na pawalang mahigti na kalibang-libang kay sa mga kuwento ng duwende at tikbalang.

Kaya't di katatanda kung bakit ang mga kabataan ngayon ay wala nang kinatakuhan; di katakataka kung bakit marami sa kanila ang hindi natatakok sa Diyos at sa mga gawang masama; at di rin katakataka kung bakit bihira na ang marunong magbigay galang sa mga magulang.


Ang lahat nang ito ay gawa ng kabihanan at ng pagbabala ng ating pagpapahalaga sa kahalagahan ng mga lolo at lola.

MINSAN SA BUHAY...

Isa sa mga minsan sa buhay na pagkagilalas ang unang pagkamala't sa kaaki-akit na talon ng Maria Cristina. Ang talong ito'y matatagpuan sa Mindanaw, malapit sa lunsod ng Iligan.


SA ORAS-ORAS

Para sa araw na pagkagilalas, uminom ng Del Monte Pineapple Juice. Ang kasiy-siyang malagintong katangian nito ay hindi kailanman nawawala at di nagkukulang sa pagbibigay-kasiyahan.



Del Monte
BRAND
PINEAPPLE JUICE

mga pagkain natin



Suwam na Sugpo

Buhat sa STAR RECIPES ng CALTEX (PHIL.) INC.

Mga sangkap:

- | | |
|-------------------------|-------------------------------|
| 2 kutsarang mantika | tol nang pahaba at maninipis) |
| ½ sibuyas | 4 na tasang hugas-bigas |
| 1 tasang sariwang sugpo | 1 tasang dahong ma- |
| 2 kutsarang patis | lunggay |
| 3 butil na bawang | |
| 1 kutsarang luya (pinu- | |

Paraan ng pagluluto:


Igisa sa mantika ang bawang, hiniwang sibuyas at luya. Idagdag ang patis at isunod ang hugas-bigas. Pakulin saka isama ang hipon at dahong malunggay. Takpan at pakulin pa ng limang minuto. Ihain habang mainit. Para sa tatlóng katao.

Bokilyos

ni Glo Morales

Mga sangkap:

- | | |
|----------------------------|----------------------------|
| ¼ kilong giniling na baboy | ½ kahong पास |
| 2 patatas | 1½ kutsarang binayong mani |
| 1½ kutsarang toyo | 2 kamatis (mallilit) |
| 6 na butil na bawang | 12 balat ng lumpiya |



Paraan ng paghahanda:

Ipirito sa mantika ang patatas (maninipis ang hiwa). Igisa ang bawang sa kaunting mantika, isunod ang karne, idagdag ang पास, ang patatas at ang mani. Palamigin. Ibalot ang dalawang kutsarang iginising baboy sa balat ng lumpiya.

Kapag tapos na ang pagbabalot ng lahot, ipirito sa mainit na mainit na mantika. Madali lamang ang pagpipirito nang buwag masunog.

Salsa:

Pagsama-samahin ang katamtamang dami ng suka, toyo at ilang pinipit na bawang.

Adobong Manok

Buhat sa STAR RECIPES ng CALTEX (PHIL.) INC.

Mga sangkap:

- | | |
|-------------------|---------------------------|
| 1 manok (tilarin) | 1 tasang suka |
| 4 butil na bawang | 2 kutsarang asin |
| 2 kutsarang toyo | 10 butil na buong paminta |
| 1 dahong laurel | 5 kutsarang mantika |

Paraan ng paghahanda:

Pakulan ang tinilad na manok sa pinaghalu-halong suka, bawang, asin, paminta at dahong laurel. Kapag malambot na ang manok, alisin ang sabaw at papulihin sa mantika.

Isamang muli ang inalis na sabaw sa piniritong manok at ipagpatuloy ang pagpapakulo hanggang sa lumapot nang bahagya ang salsa. Para sa apat na katao.

Vinagreta ni Glo Morales

Mga sangkap:

- | | |
|-----------------------------|--------------------------------------|
| 2 opahap (katamtamang laki) | 8-12 nilagang itlog |
| 10 kamatis | 2 sibuyas |
| 8 kutsarang suka | 4 na kutsarang asukal "sweet pickle" |
| 8 kutsarang salad oil | (ilang piraso) |
| sibuyas na mura | asin at paminta |


Paraan ng pagluluto:

Ipirito ang apahap. Itabi sandali.

Paghalu-halung mabuti ang suka, asin, paminta at ang asukal.

Ilagay sa isang pinggang malapad ang piniritong isda saka iayos sa paligid ang pinag-apat na kamatis, ang hiniwa nang pabilot na sibuyas, ang hiniwahi-wang pikels, ang tinatad na puti ng itlog at ang dinurog na pula ng itlog. Isalin ang salsa saka ihain.

MGA LISONG KASUOTAN







Mga lisong kasuotang pawang tinabas nang simpleng-simple ang nakalarawan sa pitak na ito. Nilagan ng malalaking bulsa ang dalawang bestidong nasa magkabilang dulo at tinahiran naman ng running slitch ang gilid ng leeg at bulsa ng nasa gitna. Angkop na gamitin sa iba't ibang pagkakataon.

Mga Bestidong Panlakad

Makikita naman sa kaliwa at ibaba ang tatlong bestidong panlakad na magandang gamitin laluna ng may kaakit-akit na hubog ng katawan. Maaari ring gamiting pamasok sa upisina, pamasyal o pangsimba ayon sa nais ng magsusuot.





Mga Disenyong Pamburda

HINDI ninyo dapat ikalungkot ang di pagkakaroon ng kakayahang bumili ng mga nakikitang burdadong kagamitang pambata sapagka't kayo man ay maaring mag-angkin ninyon sa pamamagitan ng sariling pagsisikap.

Magagawa ninyo ang mga iyon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga huwaring nakalarawan sa pitak na ito.

Nakaguhit ang limang uri ng dibuhong pawang magaganda at napakadadaling gawin. Ang mga ito'y pawang pangagamitang pambata.



“ITO ANG AKING AKDA”



HATINGGABI NA. Tahi-
mik na sa buong pali-
sid ng Nayong Maduhat. Su-
bali't si Mario ay patuloy sa
kanyang pagsusulat. Nilala-
nyang na sa katatimhan ng
zabi ang isang kuwentong

Nguni't pagkatapos ng ilang
araw ay nagsilabik ang mga
tiron.
Gayunma'y hindi nawalan
ng pag-asa si Mario. Lalo si-
yang nasikap. Higit niyang
pinagbuti ang pagsulat. Nai-

bis na pagpupuyat. Nanghin-
a siya at nangayayit. Sa kabila
ng lahat ay patuloy na rin si
Mario sa pagsulat ng kuwento.
Gaya ng dati, isang gabi ay
abalang-abala na niman si Ma-
rio sa pagsusulat.

Malungkot Na Tagumpay

**Gaya Ng Ibang Nilalang Ay Nagkaroon Siya Ng Pangarap;
Nguni't Ang Kanya'y Natupad Sa Kanyang Kamatayan**

matagal na niyang hinabi sa
kanyang isip. Hindi na niya aluma-
na ang lamig ng gabi —
ang taglay na karամanda —
at ang pasalala ng mahal ni-
yang ina. Ang tanging hangad
ni Mario ay mayari agad ang
sinusulat na kuwento.
Matagal nang pangarap ni
Mario ang maging isang ma-
nunulat. Marami na siyang
nayarang kuwento na naipada-
la sa mga kilalang lingguhan
sa Maynila.

lamay siya gabi-gabi. Nalima
tira na niya halos ang kumaha.
Habog na habag kay Mario
ang kanyang ina, subali't walang
magawa ang matandang
babae. Ayaw siyang pakin-
gan ng anak. Ang kanyang
mga posisya ay hindi pansin.
Matalaga lamang kay Mario
ang kutaparan ng pangarap,
maging katumbas man ng ka-
panganyayaan ng katawan.
At hindi nagtagal, si Mario
ay neckasakit dahil sa mala-

—Apok, inumin mo muna
ilang gamot mo! —ang pukaw
ng dimapakalling si Aling
Esang sa anak na buhos na
buhos ang loob sa ginawaga.
—Inay, malapit nang ma-
yari ang kuwento ko. Ito na
seguro ang kahuli-buhang
maausulot ko. —malungkot
at parang hibang na sabi ni
Mario sa ina. —At marahil
naman ay maibigan na nila
ito. Hindi na nila ako bibi-
guin.

Natapos ni Mario ang ku-
wento bagama't lalong lumuh-
a ang taglay na karanda-
man. At sa tulong ng Aling
Esang ay ipinadala iyon ni
Mario sa isang kilalang ling-
guhan sa siyudad.
Makaran ang isang buwan
ay nalathala ang kuwento ni
Mario. Maraming nagpuri sa
kanyang akda. Balansa'y na-
sabiing napagkandam, at isang
tinay na oba-maestra. Sa pa-
mamagitan ng kuwentong lioy
ay sumilang ang isang bagong
manunulat, ang pahayag na
ng patnugot ng kinalathalang
babasahin.

Datapuwa't si Mario ay wa-
li na upang itanggapin ang
buong kagatahan ang mga pa-
puring lioy. Wala na siya
upang saksihan ang kanyang
tagumpay, ang katibayan ng
kutuparan ng kanyang pangarap
— sapagka't si Mario ay
tahi-mik nang namamaya sa
sinapupunan ni Bathala, na
taglay sa puso ang hinaanakit
at pagdararamdaman sa mga tina-
mong kabiguan. Namatay si-
yang ni hindi nalaman na lu-
mabas ang kanyang kuwento.
—Benjamin B. Domingo
Gulod, Novaleses
Lunsod ng Quezon

NAKALINGGANG PAGKAKAMALI



NANG gabing iyon, hindi
makatulog si Julio. Pa-
rang sinusumbatan siya ng
kanyang sariling budhi. Bakit
mo ginawa iyon? Hindi mo ba
alam na para kang nagkaw
sa sinawa mong iyon?
May ginawa ang pagkaka-
mali nang hapon yaon si
Julio. Kinuha niya ang "re-
cord notebook" ng kanyang
guro si Bh. Montesa na wa-
lang nakakita sa kanya. Pina-
maritan niya ang kanyang
marka room at ginawang pinaka-
matatas.
Sa katagalan ng kanyang
paggumuni-muni, nakatulog
din siya.
Kinabukasan maaga si-
yang nagising. Pagkatapos ni-
yang makapag-almusal, dali-
dali siyang naglibis at tuluy-
tuluy siya sa paaralan. Masa-
ya siya sa araw na iyon sapag-
ka't noon niya malalaman kung
sino ang nangunguna sa kani-

**Natatak Siyang Hindi Niya Makuha
Ang Karangalang Pinagsikapan Niyang
Makamit; At Gumawa Siya Ng Kamalan**

lang klase. Subali't ang kan-
yang kasiglahan ay napapawi
sa tuwing magugunita ang gin-
nawa niya nang sinunod ang
araw.
Sa loob ng kanilang silid-
aralan, sinisimulan na ni Bh.
Montesa ang pagbasa sa na-
nangunguna sa klase.
"Sa araw na ito, babasahin
ko sa inyong nangunguna sa
klase upang masabitan ng me-
dal sa araw ng inyong pag-
tatapos," ang gimula ng guro.
"Halos hindi ako nakatulog
kagabi sa pag-aaral kung sino

ang pipiliin kong pinakama-
tatalino. Sa bandang bull, na-
pagpasiyahan ko rin ang tung-
kol sa bagay na ito. Si Julio
Barredo ang napili kong pina-
kamatalino sa inyong lahat."
Subali't namangha ang lahat
nang hindi man lamang
tuming sa kanyang kinauu-
puan si Julio.
"Bakit hindi ka magsaya sa
tinamo mong kapalaran, Ju-
lio, ang tanong ng isang ka-
mag-aral.
—Siya nga, Julio, magsaya
ko manan," ang dugtong ng

isa.
Dahil sa hindi maingat ng
kalooban ni Julio ang kan-
yang ginawa, nagsadya siya sa
kanyang guro pagkatapos ng
kanilang klase.
"Hindalungkot ko pong sa-
bihin sa inyo ito," ang pasimu-
la ni Julio.
"Huwag mo nang ituloy ang
sasabihin mo, Julio. Alam ko
na ang nangyari kahapon,"
ang sabi ng guro. "Lubos ko
pa nang ikinagagalak ang
inyong ginawa. Nakabuti iyon
sa pagpili ko kung sino ang
pinakamatatalino sa inyong lahat"
ang dugtong niya.
"Bakit po?" ang buong pag-
kamanghang naitanong ni Ju-
lio.
"Sapagka't napatunayan ko
kagabi na ikaw nga ang pina-

kamatalino sa klase," ang sa-
got ni Bh. Montesa. "Hindi
mo man ginawa ang gayon ay
ikaw rin ang tatanggap ng ka-
rangalang ipinagkalob ko sa
iyong ngayon."
Tinigilang ng guro si Julio.
"Nguni't huwag mo na sa-
nang gagawin pa ang tulad ng
ginawa mo kahapon. Ang ma-
samang gawa na may kulay
ng panlilingang at pagdaraya,
kadalas'y naghubanga ng ka-
pahamakan."
Napatungon na lamang si Ju-
lio. Ang tinirang ng kanilang
guro ay tumitih sa kanyang
puso.

—ARTHUR V. LUGUE
14 na taong gulang
Pampang High School
San Fernando, Pamp.

Pitak ng "Ito Ang Akina Akda"
Maarasin ng: Bagong Buhay
Cassiling Times-Florentino Torres, Maynila


1. Pamagat
Kulatip ng ito ay isa kung akda na may pam-
gat na

Pangalan

Tirahan o paaralan:

Paad:

—ARTHUR V. LUGUE



Si Juan Sordan At Ang Laro

Sinulat ni Jesus S. Esguerra, Naging Patnugot sa

TAONG 1920 nang makilala ko si Juan T. Sordan (a.l.n.), lalong kilala sa tawag na Juanito sa pulutong ng kanyang mga lalong malapat na kamag-anak at kakilala.

Binata pa noon si Juan T. Sordan sa isang umpukan ng mga lilew na sportsman sa tanyag na La Campana sa pag-aari ng nasirang Don Alejandro Roces, Sr. sa daang Avenida Rizal kami unang nagkakilala. Hindi ko pa rin naililitmo na si Manuel (Maneng) Florianga, ang lalaking lalong kilala naman sa tawag na "Maong-Bakal", ang siyang naging dahilan ng unang pagkilat naming iyon. Naipagtapat sa akin ng kaibigang Maneng na si Juanito ay isang estudyante sa Ateneo de Manila at ibang laro, tulad ng baseball, indoor-baseball, bowling at iba pa, lalo na ng larong kung tawagin ng mga lilew na isang LARONG MGA HARI, ang larong lalong kilala ngayon sa tawag na KARERA ng mga kabayo, na nang mga panahon ng iyon ay pinagbaharian ng mga lilew na hinatung tulad sina Garcia, Aristo, Alejandra, Alba, Ordiales, Rufino, Momoy, Florentino at iba pa.

Lalong nagsalapat kami ni Juan T. Sordan, nang siya ang mapili kong madag "trinong" ng una naging anak ng aking maybahay. Galing kami noon sa isang pista-bayan sa Imus, Kabite na pang-

putungan kami ng korona sa dalawang dilag na naging niyaga sa pagdiriwang sa Araw ni Dr. Jose Rizal, nang banggitin ko sa kanya na siya ang hawak sa aking pagpangyan. Hindi siya tumanggi at ang sabi pa'y manalo sana siya sa kanyang mga pagsakay sa darating na karera upang dumingal ang gagawin naming binyagan.

Kinasinan naman siya ng magandang kapalaran, sapagka't nang muli kaming magkita ay saibalitla niya sa akin na magpanalo siya sa natapos na karera sa ipodomro ng San Lazaro. Noon ko "Maong-Bakal", ang siyang unang kukumparihin ko pala ay isa ring tanyag na hinete na kilala ng lahat sa pangalang SORDAN.

Dalawang taon pa ang nagdaan buhat noon, nang mampumungang kong ako pala ay dumog na dumog na sa pagpunta-punta sa karera, na nang mga araw na loy'y bihi-bihira lamang kung magdaos ng mga labanan sa San Lazaro.

"Nagap-usapan namin, isang araw, na kami'y magtatatag ng isang koponan sa larong bowling, at hindi nga nagtagal ay nabuhay kami ng isang kopongang nakilala sa tawag "All Jockey". Ang nagsibuhos sa koponan naming ito ay siya, ang magkapatid na Plonon ng Momoy Mora, si Carlos Peñafiel, na hindi naman hinete, si "Kikoy" Protomartir, hindi rin hinete ngunit' ngayo'y tagsapalega ng maraming mabubuting

labayo, at saka ako. Marami lamang nakalabang ibang koponan, kabilang ang bantog na koponan ng Club Filipino, Phil. Columbian Club at ang pinakamalaking na koponan ng Bureau of Customs na pinamamahalehan ni G. Salustiano Reyes.

Ang aming koponan ay napatanyag sa lahat halos ng deko, kaya kung saansang-bayan kami natinayuhan upang maglaro. Naging namin ang Bilyang, Sta. Rosa at Kanlubons, Laguna. Inabot din namin ang Kalamba, Rizal at saka ang Lucena, Quezon.

Isang gabí, samantalang kami ng aking kumpadre ay nagpapalipag ng masyasang sandali sa La Loma, sa pling ng ilang magaganda at mababangong dakilalang mananayaw, ay isang libang ng nabanggit niya sa akin. Sinabi niya na unti-unti na siyang nagkakaron ng mga lilew na kasabay o kaalit sa larangan ng karera. Sinabi rin niyang darating ang araw na ang larong Ito, na kung tawagi'y LARONG MGA HARI ay pamamayamihan ng mga taong siyang "anang" na siisira sa magandang pangalan ng larong ito.

Nabanggit niya iyon nang ipanalo niya ang kabayong GUARISANGKAR sa isang katering ginanap sa San Lazaro. Ang kabayong

ng usatrang Pangulo ang pagka-karoon ng tiwala nito sa lahat halos ng mga hineteng noon ay nabubuhay nang marangal. Naipagtapat naman ng aking kumpadre sa Pangulong Quezon na labang siya ang pangulo ng samahan ng mga hinete ay makapagtitiwala sa kenila ang lahat, lalo na ang mga mamamayang nangangarera, na hindi magkakaroon ng mga kombinsiyon sa mga araw ng tabukhan.

Bago sumakabang-buhay ang aking kumpadre ay nagkasama pa muna kami sa isang night club. Noo'y hindi na siya masyakay sapagka't ginugit na siya Ito, bagama't nalilimang niyang hindi dapat ipagkatiwala sa iba ang pagpagsakay sa ilang kabayong nasa ilalim ng kanyang pag-aalaga. Sinabi niya sa aking nalalapat na sa kanyang isang gugit ng palatid at siya inialaw ko. Sinabi kong kahit hindi na siya masyakay ay maari pa rin niyang pangalagan ang kalinasin ng karera. Naipagtapat niya sa akin na kaya inuwisan na siya ang pagsakay ay dela sa na tunogang niyang naganaganib ang kanyang buhay kung siya ay nasa ibabaw ng kabayo, sapagka't maraming may-ari ng kabayo ang gawaga ng lahat ng habang upang siya ay maalis lamang sa kanilang

iyon ay dahedo kaya nagbigay ng malaki-laking dibidendo. Sinabi niya sa akin na ilang kaibigan niyang hinete at may-ari ng mga kabayong pangarera ang lumapat at nakilusap sa kanya upang samuin siya sa binabalak na gagawing kombinsiyon sa ilang katering gagawin sa San Lazaro. Matagal siyang pinakiusapang ng mga iyon, ngunit' hindi siya pumayag, kaya nang tumuklo ang kabayong GUARISANGKAR ay sinakyan niya Ito nang wala siyang kamalay-malay na ang karera palang iyon ay isa sa mga katering gagawing kombinsiyon. Pina-usapan ng ilang hinete na siya ay barangin o kulungto sa oras ng tabukhan nang ang kanyang kabayo ay buwang manalo sa katering iyon. Ngunit' pagkatapos ng tabukhan, ang kabayo rin nya ang nanalo.

Buhat noon ay unti-unti nang nagsimula ang paglipag nang malalim ng aking kumpadre, hanggang sa malipan niyang magtagal ng kapisanan ng mga hinete upang mampangalagan nila ang kalinasin ng pagdaros ng mga karera sa San Lazaro at malakihan naman nila ang hangarin ng ilang may-ari ng kabayo na noon pa'y unti-unti nang bigi iposok sa larong Ito ang kombinsiyon.

Dahil ilang, si Juan T. Sordan ay napatapat sa Pangulong Manuel L. Quezon (a.l.n.) kaya siya ay madalas ipatwag sa palayog ng Malakuyang. Naipagtapat sa kanya

lanas. —Kumpadre, —wika pa niya sa akin bago kami naghiwalay nang lalong iyon, —nais kong pag-ukulan mo ako ng isang tula mo bago ihatid ang aking bangkay sa hulling hartungan.

Napanulnat ako sa sinabi niya. Aksa ko'y naghihirlo lamang siya, ngunit' siya'y napulaha at ako ay binawakang nang mahigpit saka ang halos pabulong na wika: Alam kong malapat na akong mamatay, Kumpadre, at siya ng pagtiwala ko sa iyang panulat, ay nagtiwala rin ako sa aking seril na namamang akong taglay ko ang pagtiwala sa akin ng lahat. At ng magpunita na ang sa mga araw ang aking paglalag hinete ay ginugit sinumang makasusumbat sa akin na ipinagbili ko ang selapi ng merami sa kapakanan lamang ng ilang nabubuhay sa karera ngunit' pinagpapatayan ang hangay silang tumatangkilik sa hanap-buhay na Ito.

Gaya ng kanyang pangaitin, hindi nagtagal at binawian na nga ng buhay si Juan T. Sordan. Napatunayan noon ang lahat, lalo na ng mga lilew na kasabay ng aking kumpadre, ang pagmamahal sa kanya ng lahat, nang ihatid na sa libingan sa Hilaga ang kanyang hangkay. Buhat sa pinsuruburan ng kanyang hangkay sa ipodomro ng San Lazaro at pangangas sa libingan ay pinasan ng lahat ang kanyang kabong na sa ilkod into

ay kseunud-suonod ang isang pina-kemamahal na kabayo ng yumo.

Ngayo'y nabubuhay pa sa alalala ng lahat ang pangalan ng lalaking iyon na naging "Prinsipe ng mga Himet", lalo na sa mga araw na nang hating nagiging marami na ang larangang pinangalangan niya.

Sa kasuluayan, halos linggu-linggo ay maraming tao ang umu-uwih buhat sa kacerahan na laglay ang di-kasiyahan sapagka't nakaraan na naman ng pagkabigo. Nasasabi-sabi tuloy ng marami na kung buhay pa marahil ang nasirang Sordan, kapalpa'y hindi nila mararanasan ang ganito. Bihirang takuban ngayon sa mga kacerahan dito ang hindi nasisingitan ng Kombinsiyon, ng mga perderan o kusang pagpapatalo sa kabayo, at ng iba pang mururuming balak ng ilang nabubuhay-hari sa larangang ito. Hindi nila naaalagata na ang salaping ikinabubuhay nila ay nagbubuhat sa mga bulsa ng llong mahihirap na taong mahilig sa kacerah.

Kung magkaroon lamang ng kahit isang katulod ng nasirang Sordan, kapalpa'y munumbalik ang dating pagtitiwala ng lahat at hindi katatukang darating ang araw ng kamatayan ng LAÑO NG MGA HARI. Sapagka't kung sawa

na ang mga tao sa linggu-linggong kombinsiyon, perderan at bilhan ng mga karera, kung sigid na ang kahapian ng pagkabigong nararanasan ng marami sa mga araw ng karera, ay makikit na lamang na wala nang matitira sa mga kacerahan dito kundi ang mga tinatawag lamang na mga "buwaya".

Mabuti pa noong araw na walang komisyon at hindi nagkakaroon ng mga kombinsiyon at bilhan ng karera sa araw na may-takubhan ng mga kabayo rito. Hinatag ang komisyon upang paglalagan ang kapakanan ng mga mamamang siyang bumubuhay sa LARO NG MGA HARI, ngunit ang mga bumubuo ng komisyon ngayon ay ita bulag at hindi sa mga gerapal na kagagayang ng maraming walang ininisip kundi ang makagawa ng mga bagay na sa kapalwiran ng mamamang siyang bumubuhay sa larong ito.

Lingu-linggo ay maraming hinete ang napaparusahan sapagka't napatunayang nagpatalo ng kabayong sinakyan. Ngunit bakit ang mga hineteng iyon na napaparusahan ay nakasasakay pa rin? Bakit hindi magkaroon ng kamay-na-bakal sa pagpapatupad ng kautusan

(Sundan sa pahina 29)

Ng Mga Hari

Palakasan ng Taliba



• Mga Alamat Natin . . .

ni
Maria
Salome
Tonsay

KUNG MAYROON mang bulkan sa daigdig na may pinakamagandang hugis, ay walang iba kundi ang Bulking Mayon. Iyan ang dahilan kung bakit ang mga turistang nagsisipagpasya sa Pilipinas ay laging nananabik na makita ang bulking ito na isang buaya ng kalikasan.

Ang Bulking 'Mayon' ay matatagpuan sa Kabuklan, at ang mga Bikolano ay may ininingalang kasaysayan o alamat na naglalagud kung saan nagmula ang bulking ito.

Sinabi sa alamat na si Haring Lacuyan, ang haring makapangyarihan sa buong Kabuklan nang unang panahon, ay may isang anak na dalagang kilala sa pangalang Daragang Magayon (Napakagandang Dalaga) na isang balita

ANC
ALAMAT
NG
BULKAN
MAYON



sa ganda sa Kabuklan. Dahil sa kagandahan ni Daragang Magayon ay di mabilang sa lalaki ang nababaliw sa paghanga sa kanya at ang baw't isa ay naghihagad na hingin sa hari ang kanyang kamay.

Isa sa ilang pinakamausap na talibuta ni Magayon ay si Kawen. Malaki ang pagmamahal ni Kawen na mapasig ang dalaga sa pamamagitan ng kanyang umamahaling mga regalo na ang karaniwang gintong alahas. Ngunit si Magayon ay hindi makit ng mga yaman at mga handog ni Kawen pagka't ang kanyang pinagbabatayan ay pagkakaalam lamang siya sa lalaking kanyang inililig. At ang kanyang napapusiyan ay isang tagapagmana ng kaharian sa Katagalugan, si Tagumpay.

Ang pagkilala nina Tagumpay at Magayon ay hinabi ng isang magandang pangyayari.

Si Tagumpay ay makisig at magandang lalaki. Dahil sa katangian niyang ito ay naging pihikan o masalong siya sa mga babae. Nagkatosa sa kanyang mga paglilihod isang araw, ay narinig niya ang nauukol sa kagandahan ni Magayon. Nagkatosa nanang noon ay pinapagmamadali na siya ng kanyang amang hari upang pumili ng makakaisang puso at nang ang matanda ay makapamahinga na kapag ang binata ay siya nang mamamahala sa kaharian. At nang mobalitaan nga ni Tagumpay ang kagandahan ni Magayon ay nagbalakayo siyang isang karanilwang tao lamang at naglakbay sa Kabuklan.

Napatatayan ni Tagumpay na may katotohanan ang narinig niyang balita. Ilang araw siyang nanubok sa dalagang prinsesa sa palillig nito sa ilog kung duplit-hapon.

Malaki ang patnalan ni Tagumpay na makausap at makipagkilala kay Magayon ngunit hindi siya magkaroon ng pagkakataon. Subalit sa kanyang kadadalangin ay dumating din ang pagkakaatong kanyang himnitayang nang isang araw, samantalang siya ay nagkukubli sa isang malagong puno ng kawayan, ay natanaw niyang nadupilas ang dalaga at natangay ng malakas na agos sa gitna ng ilog. Walang sinayang na sandali si Tagumpay. Mabilis siyang lumabas sa kanyang pinangungsubilihan at tumalon sa batis upang sagipin si Magayon.


Doon na nagsimula ang paglibigan ng dalawa. Umuwi si Tagumpay na maligayang-maligaya at agad binalita sa ama na natagpuan na niya ang ba-hing ibig, niyang ihatid sa dambana.

Subalit sa samantalang pinag-uusapan ni Tagumpay at ng kanyang ama ang ukol sa paghingi sa kamay ni Magayon, si Kawen ay umisip ng paraan upang maging kanya si Magayon sa ano mang paraan. Naghanda ng isang bitag ni Kawen at cinakip ang matandang hari, isang araw na ito ay mangaso sa gitna. Nang nandakip ni Kawen ang matanda ay nagpahatid siya ng pasabi kay Magayon na mamamatay ang hari pag di napakasal sa kanya ang dalaga.

Nang magbalik si Tagumpay ay hustung-hustong handa na ang lahat upang ganapin ang kasal nina Magayon at Kawen. Hindi nakayang pigilin ni Tagumpay ang kanyang kabilaan kaya't maliksing nakapagpabili niya ng palas at pinans sa Kawen na tinaman sa ilhod. Ngunit ang mga taubhan ni Kawen ay magasp at sa isang iglap ay natarakan nila ng sibat si Tagumpay. Samantala, sa pagkagulo sa loob ng dalangin ay isang ligaw na sibat ang umama sa tapat ng puso ng dalaga at nang mapawi ang kalugihan ay kabilan, sa nuga natagpuan patay ang tatlong mga dugong mahal, sina Tagumpay, Magayon at Kawen.

Pag-alinsunod sa kaugalian ng mga dugong mahal nang panahong yaon.

(Sundan sa pahina 29)



Espanyola

ni R. E. BAUTISTA

(Ika-29 na abas)

DUMATING sa kanyang pandini-ang kahol ng aso na bumag sa katahimikan ng silid. Malayang-malayo ang pinagmulan niyon, naisalob niya. Bumoling siya sa pagkakahiga. Pasulyap na tinanaw niya ang bintana. Nakalapa'p iyon. Mahigpit na itinraneraga ni Gelay.

Aho raw at sasayingin niya ang pambuhay sa pag-iisip ng isang bagay na walang halaga, ani Gelay sa kanya habang ipinipnid ang mga durungawan.

—Huwag kang tangas! —Sabi pa ni Gelay: at ang ayos ni Gelay ay nagpangitna sa kanya sa kanyang Tiya Chuchi. Lagi nang bukang-bibig ni kanyang Tiya Chuchi ang: Que estopi-dal Tontal Bagama't ang pagmanahab at pagmamalassakit ay nananang sa pinatitigas na ting ng kanyang Tiya Chuchi. —Aho ang magpapala mo sa pagdaramdam at pagkiskil sa iyong sarili! Alalahabin mong nasa iyo ani! Lahat ng katangian upang lumigaya. Rata ka pa... maganda... ba! Ano

pa ang kailangan mo?

